## Programang Pandigri

Ang Departamento ng Filipino at Ibang mga wika ay may apat na programang pandigri. Ito ay binubuo ng isang andergradweyt na programa ang *Bachelor of Arts in Filipino* at tatlong gradweyt na programa ang: *Master ng mga Sining sa Filipino, Master ng Filipino (di nangangailangan ng tesis)* at *Doktor ng Pilosopiya sa Filipino.*

### *Master ng mga Sining sa Filipino*

Ang *Master ng mga Sining sa Filipino* ay isa sa dalawang programang pangmaster ng Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika na ngangailangan ng tesis. Sinasaklaw nito ang paghahandog ng mga kasanayan sa pagkatuto/paggamit ng Filipino bilang isang wika at bilang isang disiplina, at bilang kultural na komponent ng lipunan. Tiyakang pinaglilingkuran ng programa ang pangkalahatang mga pangangailangan ng mga titser at praktisyuner ng Filipino. Komprehensibong sinasakop ng digri ang lahat ng batayang aspekto ng Filipino bilang isang disiplina tulad ng istruktura ng wika, literaturang Filipino, pagpaplanong pangwika, leksikograpiya at mga bagong kalakaran at mga isyu sa wika tulad ng barayti at barasyon ng Filipino, kultura at wika kasama ang kulturang popular, linggwistikang aplayd, at mga kaugnay na mga larangan. Binibigyan ng empasis ang pagsasagawa ng riserts at pagsasaling-wika sa lahat ng kursong akademiko.

Makikita sa ibaba ang distribusyon ng kurso:

**Semestral na Distribusyon ng Kurso**

**Unang Taon**

| Unang Semestre | | | Ikalawang Semestre | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Blg.** | **Pamagat** | **Yunit** | **Blg.** | **Pamagat** | **Yunit** |
| Fil 200 | Riserts sa Filipino | 3 | Fil 235 | Kritisismo sa Panitikan | 3 |
| Fil 201 | Pagsasaling-wika | 3 | Fil 250 | Pagpaplanong Pangwika | |

**Ikalawang Taon**

| Unang Semestre | | | Ikalawang Semestre | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Blg.** | **Pamagat** | **Yunit** | **Blg.** | **Pamagat** | **Yunit** |
| Fil 253 | Leksikograpiya | 3 | Fil 300 | Pagsulat ng Tesis *Pangangailangang Eksam Kompre. | 6 |
| Fil 254 | Literatura at Kulturang Popular | 3 | | | |
| Fil 241 | Mga Piyesang Pampanitikan | 3 | | | |
| Elek | | 3 | | | |
| | **Total** | **12** | | **Total** | **6** |